CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Abril 8, 2021

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach ang Pakikipagnegosasyon upang Simulan ang Paggamit ng Convention Center para sa Makataong Pagsisikap ng U.S. Department of Health and Human Services

Long Beach, CA - Ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay nagkasundo na aprubahan ang pormal na kahilingan mula sa US Department of Health and Human Services (HHS), Office of Refugee Resettlement na makipag kontrata upang suportahan ang pambansang makataong pagsisikap na magbigay ng ligtas, pansamantalang tirahan sa mga batang migrante na walang nag aalaga na kasalukuyang naninirahan sa masikip na mga pasilidad ng Border Patrol. Ang pansamantalang emerhensiyang pasilidad ng kanlungan ay matatagpuan sa Long Beach Convention Center.

“Ipinagmamalaki ko ang desisyon ng Konseho ng Lungsod na suportahan ang ating bansa at ang makataong paghamon sa ating border,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang Long Beach ay may mahabang kasaysayan sa pagsuporta at pagsalubong ng mga taong nangangailangan.”

Upang matiyak ang kaligtasan at kalusugan ng bawat bata, humiling ang HHS ng tulong mula sa mga lokal na pamahalaan sa buong Estados Unidos upang magbigay ng pansamantalang pasilidad para sa mga batang ito habang ang pamahalaang pederal ay mabilis na konektahin sila sa kanilang mga pamilya o mga isponsor sa Estados Unidos. Partikular na hiniling sa Long Beach na ligtas na alagaan ang mga batang walang bantay hanggang sa makakonekta muli sila sa pamilya o isang isponsor.

Sinuri at tinalakay ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach ang impormasyong ibinigay ng pamahalaang pederal sa isang saradong sesyon at espesyal na pagpupulong noong

Abril 6, kung saan pinahintulutan nila ang Manager ng Lungsod na magsimula ng pakikipagnegosasyon sa HHS para magamit ang Long Beach Convention Center.

Sa kahilingan ng pamahalaang pederal, sinaliksik ng Lungsod ang mga potensyal na lugar upang magamit bilang lokasyon ng emerhensiyang silungan, sa huli natukoy ang Long Beach Convention Center na maging pinakamainam na lugar upang magbigay ng pabahay, pagkain, libangan at iba pang mga serbisyo sa mga batang nangangailangan. Ang Convention Center ay may kakayahang na pansamantalang tumanggap ng hanggang sa 1,000 mga bata. Magiging responsable ang pamahalaang pederal para sa parehong pondo at pagbibigay ng mga serbisyong kinakailangan upang mapangalagaan ang mga bata. Ang Lungsod ng Long Beach ay gumaganap bilang suporta sa pamamagitan ng pakikipag kontrata para sa paggamit ng Convention Center, at paggawa ng mga koneksyon sa HHS para sa iba pang mga non-profit at mga serbisyo sa gobyerno. Kapag maaari nang magpatakbo, ang operasyon ng silungan ng HHS ay magbibigay sa mga bata ng mahahalagang serbisyo, kabilang ang pagkain, mga pagsusuri sa medikal at kalusugan, mga oportunidad sa libangan at mga serbisyong pang-edukasyon.

Ang operasyong ng pang emerhensiyang silungan ay titigil sa o bago mag Agosto 2, dahil sa umiiral na mga kontrata sa taglagas ng 2021 sa Convention Center.

Ang silungan ay hindi inaasahang makakaapekto sa operasyon ng COVID-19 Klinika ng Pagbabakuna na kasalukuyang isinasagawa sa Convention Center.

Makikipangtulungan ang Lungsod sa HHS upang makabuo ng isang plano sa komunikasyon upang mapanatiling impormado ang publiko sa katayuan ng mga operasyon.

Sa kasalukuyan, maraming mga emerhensiyang kanlungan na nagpapatakbo sa buong bansa, kabilang ang California, Colorado, Texas at Washington.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach
Tahanan ng humigit-kumulang na 480,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na mga amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa

baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, at mga landas ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa http://longbeach.gov/. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.

###